# CARHRIHL

Kinikilala ng mga Partido sa CARHRIHL na:

- ang paggalang sa karapatang pantao (human rights) at internasyunal na makataong batas (international humanitarian law) ay napakahalaga at lubhang kinakailangan upang mailatag ang pundasyon para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan
- ang kumprehensibong Kasunduang tulad nito ay dapat may pagsasaalang-alang sa kasalukuyang kalagayan ng karapatang pantao at makasaysayang karanasan ng mamamayang Pilipino
- ang mga saligang indibidwal at kolektibong kalayaan at karapatang pantao sa larangan ng pulitika, lipunan, ekonomya at kultura ay makakamit at yayabong lamang sa kalagayang may pambansa at panlipunang kalayaan ang mamamayan
- may pangangailangang itaguyod, palawakin at garantiyahan ang mga demokratikong karapatan at kalayaan ng mamamayan, laluna ng masang anakpawis na kinabibilangan ng mga manggagawa at magbubukid
- ang Kasunduang ito ay naglalayong tugunan ang mga pangangailangang ibinubunsod ng mga kongkretong kalagayan ng mamamayang Pilipino kaugnay ng mga paglabag sa karapatang pantao at mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas, at hanapan ng prinsipyadong mga kaparaanan para mabigyan ng katarungan ang lahat ng mga biktima ng mga nasabing paglabag
- ang matagalang armadong tunggalian sa Pilipinas ay nangangailangan ng aplikasyon ng mga prinsipyo ng karapatang pantao at mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas

## Paghahapag ng mga Reklamo

Ang mga biktima, kanilang kamag-anak, awtorisadong kinatawan o sinumang interesadong partido ay maaaring maghapag o magsumite ng reklamo sa JMC.

Ang mga reklamo ay maaaring personal na ihapag o i-sumite sa opisina ng Joint Secretariat mula alas-8 ng umaga hanggang alas-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes, o sa pamamagitan ng sulat, fax o email.

**Opisina ng Joint Secretariat**
**ng Joint Monitoring Committee ng CARHRIHL**
6th Floor, Immaculate Conception
Multi-Purpose Bldg.
41 Lantana Street, Cubao 1111
Quezon City, Philippines
Hotline: +63-2-7252072

**GRP Nominated Section**
Telepono: +63-2-7254621
Fax: +63-2-7253430
Email: info@grpmc-jmc.org
Website: www.grpmc-jmc.org

**NDFP Nominated Section**
Telepono: +63-2-7251457
Fax: +63-2-7251457
Email: ndfp_jsection@yahoo.com



# CARHRIHL

Ang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law o CARHRIHL ang una sa apat na kasunduan sa substantibong adyenda ng pormal na usapan sa pagitan ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Ang iba pang mga aytem sa substantibong adyenda ay hinggil sa repormang sosyo-ekonomiko, repormang pulitikal at konstitusyonal, at pagtigil ng labanan at disposisyon ng mga pwersa.

Ang CARHRIHL ay pinirmahan noong ika-16 ng Marso 1998 sa The Hague, The Netherlands at pinagtibay noong ika-10 ng Abril 1998 ng Tagapangulo ng Pambansang Konseho ng NDFP na si Mariano Orosa, at noong ika-7 ng Agosto 1998 ng Presidente ng GRP na si Joseph E. Estrada.

# CARHRIHL

## Mga Layunin ng CARHRIHL

- garantiyahan ang proteksyon ng karapatang pantao ng lahat ng mamamayang Pilipino sa lahat ng sirkumstansya, laluna ng mga manggagawa, magbubukid at iba pang maralitang mamamayan
- pagtibayin at ilapat ang mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas upang mapangalagaan ang populasyong sibilyan at mga indibidwal na sibilyan, gayundin ang mga taong hindi tuwirang kalahok o tumigil na sa paglahok sa armadong labanan, kabilang ang mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian
- magtayo ng mga epektibong mekanismo at hakbang upang ipatupad, i-monitor, i-beripika at tiyakin ang pagtalima sa mga probisyon nito
- bigyang-daan ang mga kumprehensibong kasunduan hinggil sa mga reporma sa ekonomya, lipunan at pulitika na titiyak sa pagtamo ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan

## Mga Obligasyon ng mga Partido

Ang mga Partido ay:

- kumikilala sa kaangkupan ng mga prinsipyo ng karapatang pantao at mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas at ang patuloy na bisa ng mga obligasyon na ibinubunsod ng mga nasabing prinsipyo
- tumatanggap sa pangangailangan at kahalagahan ng pag-ako sa magkahiwalay na mga tungkulin at pananagutan para itaguyod, pangalagaan at ipalaganap ang mga prinsipyo ng karapatang pantao at mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas ayon sa kani-kanyang pampulitikang prinsipyo, organisasyon at sirkumstansya
- tumatalima at maging saklaw ng mga alituntunin at pamantayan na nilalaman ng mga internasyunal na instrumento sa karapatang pantao at sa mga alituntunin at pamantayan ng internasyunal na makataong batas na tinatanggap sa pangkalahatan

## Saklaw

Ang CARHRIHL ay aplikable sa lahat na kaso ng paglabag sa karapatang pantao at mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas na ginawa laban sa:

(1) mga tao, pamilya at grupo na kabilang o kasapi ng alinman sa mga Partido

(2) lahat ng taong apektado ng armadong tunggalian

(3) mga sibilyan o mga taong hindi aktibong kalahok sa labanan

(4) mga myembro ng mga armadong pwersang sumuko na o nagbaba na ng kanilang armas

(5) mga nalagay sa katayuang *hors de combat* dahil sa sakit, sugat o anumang kadahilanan

(6) mga taong pinagkaitan ng kanilang kalayaan sa mga dahilang may kaugnayan sa armadong tunggalian

(7) mga kamag-anak at awtorisadong kinatawan ng mga taong nabanggit sa itaas.

Ang mga insidenteng sinasabing nangyari mula ika-7 ng Agosto 1998 ang saklaw lamang ng Kasunduan.

## Ang Joint Monitoring Committee (JMC)

Binuo ng mga Partido noong ika-14 ng Pebrero 2004 ang JMC upang i-monitor ang implementasyon ng Kasunduan. Ang JMC ay magpupulong kada-tatlong buwan sa Pilipinas o sa iba pang lugar na mapagkakasunduan ng mga Partido, at mas madalas pa kung kinakailangan, at ayon sa mapapagpasiyahan ng mga kapwa-tagapangulo dahil sa kagyat na usapin o reklamo.

Ang teknikal at administratibong suporta ay ibinibigay ng Joint Secretariat (JS) na binubuo ng mga independyenteng nominado at kinontratang staff na magkahiwalay na hinirang at kinuha ang serbisyo ng GRP at ng NDFP.

## Komposisyon ng JMC

Ang JMC ay binubuo ng tatlong kasapi na pinili ng GRP Panel at ng tatlong kasapi na pinili ng NDFP Panel. Ang GRP at NDFP ay humirang din ng tigalawang kinatawan mula sa mga organisasyon ng karapatang pantao na uupo sa JMC bilang mga tagamasid. Ang JMC ay may mga kapwa-tagapangulo na nagsisilbing mga punong kinatawan ng mga Partido at gumagampan bilang tagapagpadaloy sa mga pulong nito.

## Mga Tungkulin ng JMC

Ang mga kapwa-tagapangulo ng JMC ay:

- tatanggap ng mga reklamo ng paglabag sa karapatang pantao at internasyunal na makataong batas at lahat ng kaukulang impormasyon
- magsasagawa ng mga kahilingan o rekomendasyon para sa implementasyon ng CARHRIHL

Ang JMC, sa pamamagitan ng konsensus, ay:

- hihiling na imbestigahan ang reklamo at magbibigay ng mga rekomendasyon
- gagawa ng mga ulat at rekomendasyon ukol sa gawain nito para sa mga Partido